

## **Pagpapalakas ng Mga Komunidad sa pamamagitan ng Malugod na Pagtanggap at Pagsasama sa mga Imigrante at Refugee**

*Cecilia Muñoz, Director ng White House Domestic Policy Council*

*León Rodríguez, Director ng U.S. Citizenship and Immigration Services*

*Mga Co-Chair, President's Task Force on New Americans*

Ang mga imigrante at refugee ay dumating sa ating mga dalampasigang sa paghahanap ng oportunidad at kalayaan bago pa man maitatag ang ating bansa. Ang proseso ng pagsasama sa isang bagong lupain – para matamo ang kakayahang makapagsarili, maging bahagi sa kilos pampulitika at pagiging bahagi sa lipunan - ay maaaring mahirap pero lubos na malaki ang maaring gantimpala nito. Tayo ay parehong mga anak ng imigrante na maaaring makapagpatunay sa tagumpay na umusbong mula sa matagumpay na integrasyon sa hibla ng ating bansa.

Kanina, nagkaroon kami ng karangalan na magsumite kay President Obama ng isang ulat mula sa Task Force on New Americans na pinamagatang [\*Strengthening Communities by Welcoming All Residents: A Federal Strategic Action Plan on Immigrant and Refugee Integration \(Pagpapalakas sa Mga Komunidad sa pamamagitan ng Malugod na Pagtanggap sa Lahat ng Mga Residente: Isang estratehiyang planong pagkilos ng pamahalaang pederal sa Integrasyon ng Imigrante at Refugee\)\*](#). Ang plano na ito ay nagbabalangkas sa isang matatag na estratehiya ng pamahalaang pederal sa integrasyon ng imigrante at refugee na magpapasulong sa ating pagiging kompetitibo sa buong mundo at makakakilala ng mga paraan para matiyak na ang mga iba't ibang uri ng tao sa ating bansa ay ganap na nakakapagbigay- kontribusyon sa kanilang mga komunidad, na malugod na tumatanggap sa kanila.

Itinatag ni President Obama bilang bahagi ng mga kilos ng pagpapatupad ng presidente sa imigrasyon na ipinahayag noong Nobyembre 2014, ang Task Force ay binubuo ng 16 na pederal ( na mga departamento, mga ahensya at mga tanggapan ng White House. Lubos na malawak ang saklaw, mabilisan ang trabaho nito at - higit sa lahat - lubos na nagbibigay gantimpala. Para maihanda ang plano sa pagkilos na ito, kami ay nagsagawa ng isang pagtatasa sa mga kasalukuyang inisyatibo ng pamahalaang pederal sa integrasyon, na kabahagi ng mga stakeholder sa lokal at pambansang antas, at kumuha ng mga rekomendasyon mula sa publiko.

Ang aming paunang estratehiyang plano sa pagkilos ay nagkakaloob, para sa konsiderasyon ng presidente, mga tiyak na rekomendasyon na nilalayon na tumulong na:

- Makapagtatag ng mga malugod na tumatanggap na komunidad;
- Patatagin ang kasalukuyang mga paraan para sa naturalization at itaguyod ang paglahok ng lipunan;
- Suportahan ang pagpapahusay sa kakayahan, mapaunlad ang entrepreneurship, at protektahan ang mga bagong Amerikanong manggagawa; at
- Palawakin ang mga oportunidad para sa integrasyon sa wika at edukasyon

Ang isa sa mga pinakamabisang paraan para makatamo ang pakiramdam ng pagiging bahagi ay ang tulungan iyon mga nangangailangan sa loob ng inyong komunidad. Kilalanin ang positibong epekto ng pagboluntaryo at paglilingkod sa bansa, pinasigla ng Task Force ang New Americans Project para mahikayat ang pagboboluntaryo sa mga Amerikano, kasama na ang mga mamamayan ng Estados Unidos at iyon mga baguhan sa bansa. Maaari ninyong suportahan ang simulain, sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.serve.gov/newamericans](http://www.serve.gov/newamericans). Ang website na ito ay nagkakaloob ng isang batay sa ZIP code na search engine na kumikilala sa mga lokal na organisasyon na nangangailangan ng mga boluntaryo.

Kahit na isang malaking tagumpay ang pagsusumite ng plano sa pagkilos na ito sa presidente, simula pa lamang ito ng aming trabaho. Ang mga miyembro ng Task Force ay magsisimulang magpatupad ng mga rekomendasyon na nakabalangkas sa plano ng pagkilos sa darating na mga buwan. Maaasahan ng aming mga kapartner ang aming patuloy na pakikipagtulungan sa mga pangunahing stakeholder - iyong mga masipag na nagtatrabaho araw-araw sa mga komunidad sa buong bansa - habang patuloy naming inaayos at nirerepaso ang plano. Inaasahan namin ang pagkakaloob sa presidente ng isang update sa mga pagsisikap ng Task Force nitong Nobyembre 2015.

Ipinagmamalaki namin ang trabaho na aming nagawa para makilala at matatag ang mga praktikal na solusyon na nagpapasulong sa mithiin ni President Obama sa pagtatatag ng mga malugod na tumatanggap na komunidad sa America na nagpapahintulot sa integrasyon ng mga imigrante at refugee ay maisakatuparan. Ang imigrasyon ay isang isyu na kritikal sa patuloy na pagtagumpay ng ekonomiya ng ating bansa at pamumuno sa buong mundo. Ang malugod na pagtatanggap sa mga imigrante at refugee ay nagpapakita sa ating ipinagmamalaking mga tradisyon at mga katangi-tanging katangian. Tayo ay, higit sa lahat, isang bansa ng mga imigrante.